



PATNUBAY SA MISA

24 Enero 2016

Ikatlong Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong K


SIMULA NG INTERNATIONAL EUCHARISTIC CONGRESS

ANG KAPANGYARIHAN NG SALITA NG DIYOS

Ngayon ay Ikatlong Linggo sa Karaniwang Panahon. Noong isang Linggo, hinangaan natin ang labindalawang taong gulang na si Hesus bilang “pinakabatang guro ng Israel.” Ngayon nama’y makikita natin siya bilang katuparan ng mga pangako ng Diyos na nakatala sa Banal na Kasulatan. Dulot sa atin ngayon ng Salita ng Diyos ay pamamatnubay at pampalakas-loob na katulad ng isinasaad sa

kasaysayan ng Israel.

Ngayon ang Simula ng International Eucharistic Congress sa Cebu. Ipanalangin natin na maging matagumpay ang Congress di lang para sa mga “participants” nito ngunit para sa buong Simbahan. Nawa ito’y magbunga habang tinatanggap natin, at ng mas marami pang tao, si Hesus sa Banal na Eukaristiya at hinahayaang baguhin niya tayo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Panginoon’y papurihan, bagong awit s’ya’y awitan. Umawit ka, sanlibutan, sa dangal n’ya’t kabanalan, at ganda sa dalangin.

Pagbati

P–Pagpalain ang Panginoong Hesus na nananawagan sa ating makibahagi sa kanyang misyong pagliligtas. Sumainyong lahat ang kanyang biyaya at kapayapaan!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Sa pagtitipon natin ngayon bilang mag-anak ng Diyos upang ipagdiriwang ang Banal na Eukaristiya, alalahanin natin ang marami nating ulit na pagbigyo sa inasahan sa atin ng Panginoon. *(Manahimik sandali.)*

P– Para sa mga pagkakataong di namin pinahalagahan ang paanyaya mong sumunod sa iyo at mamuhay alinsunod sa iyong mga turo, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa mga pagkakataong nagkulang kaming maging “Mabuting Balita” sa aming kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa mga pagkakataong hindi kami nakatulong sa ikalilikha ng higit na mabuting mundong may pagpapahalagang pang-Ebanghelyo, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P—Ama naging makapangyarihan, itaguyod mo ang aming ginagampanan alinsunod sa iyong kalooban upang sa ngalan ng Anak mong mahal, kami’y maging marapat magkaroon ng karagdagan sa aming paggawa ng mga kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Neh 8:2-4a.5-6.8-10

Pagkabalik nila buhat sa pagkakapatapon sa Babilonia, ang mga Judio ay nahirapang “magsimulang muli.” Mabuti na lamang at may nakitang isang papel na kinasusulatan ng mga bahagi ng Bibliya at ang nilalaman nito’y naging mabisa sa pagmumulat sa mga tao ng kanilang pagkamakabayan at ng kanilang natatanging kaugnayan sa Panginoon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Nehemias

Noong mga araw na iyon, kinuha ni Ezra na saserdote ang aklat ng Kautusan. Dinala niya ito sa kapulungang binubuo ng mga lalaki, babae at mga batang may sapat nang gulang at pang-unawa. Mula sa umaga hanggang tanghali, binasa niya ang Kautusan sa harapan ng mga taong natitipon sa liwasang bayan. Ang lahat naman ay nakinig na mabuti. Si Ezra’y nakatayo sa isang entablado ng kahoy na sadyang itinayo sa pagkakataong iyon. Siya ay nakikita ng lahat, sapagkat mataas ang kanyang kinatatayuan. Ang lahat ay tumayo nang buksan niya ang aklat. “Purihin ang Panginoon, ang dakilang Diyos!” ang wika niya. Ang lahat ay nagtaas ng kanilang mga kamay at sumagot, “Amen, Amen.” Pagkatapos, nagpatirapa sila bilang paggalang sa Panginoon. Binasa ng mga Levita nang maliwanag ang batas na ito ng Diyos at ipinaliwanag na mabuti ang kahulugan.

Nang malaman ng mga tao ang mga dapat nilang gawin ayon sa Kautusan, nabagbag ang kanilang kalooban, anupat sila’y napaiyak. “Ang araw na ito ay dakila sa Panginoon na inyong Diyos,” wika nina Nehemias, at Ezra at mga Levita. Nakikinig ang mga tao at umiiyak nga kaya’t sinabi

nila, “Huwa kayong umiyak.” Wika pa nila, “Umuwi na kayo at magdiwang! Ang walang pagkain at inumin ay bahagian ng mayroon, sapagkat ang araw na ito’y dakila sa Panginoon. Ang kagalakang dulot niya ay magiging kalakasan ninyo.”

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 18

B—*Espiritung bumubuhay, ang salita ng Maykapal!*

R. M. Velez

Es---pi---ri---tung bumubu---hay,
ang sa--li--ta ng May--ka---pal!

* **Ang batas ng Panginoon ay batas na walang kulang, ito’y utos na ang dulot sa tao ay bagong buhay; yaong kanyang mga batas ay mapagtitiwalaan, nagbibigay ng talino sa pahat ang kaisipan.** **B.**

* **Ang tuntuning ibinigay ng Poon ay wastong utos, liligaya ang sinuman kapag ito ang sinunod; ito’y wagas at matuwid pagkat mula ito sa Diyos, pang-unawa ng isipan yaong bungang idudulot.** **B.**

* **Yaong paggalang sa Poon ay marapat at mabuti; isang banal na tungkulin na iiral na parati; pati mga hatol niya’y matuwid na kahalutalan, kapag siya ang humatol, ang pasiya ay pantay-pantay.** **B.**

* **Nawa’y itong salita ko at ang aking kaisipan, sa iyo ay makalugod, Panginoon ko’t kanlungan. O ikaw na kublihan kong ang dulot ay kaligtasan!** **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Cor 12:12-30

Binabagabag ng mga hidwaan at inggitan ang pamayanan ng Corinto. Pinaaalalahan sila ni Apostol Pablo na tungkulin nila ang paggalang at pagpapahalaga sa isa’t isa sapagkat mga bahagi silang lahat ng banal na katawan ni Kristo.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:
Si Kristo’y tulad ng isang katawan

na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba’t ibang bahagi, iisa pa ring katawan.

Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa iisang Espiritu upang maging isang katawan. Tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu. Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi at hindi ng isang bahagi lamang. Kung sabihin ng paa, “Hindi ako kamay kaya’t hindi ako bahagi ng katawan,” hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? Kung sabihin ng tainga, “Hindi ako mata, kaya’t hindi ako bahagi ng katawan,” hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? Kung panay mata lamang ang buong katawan, paano ito makaririnig? Kung panay tainga lamang ang buong katawan, paano ito makaaamoy? Subalit inilagay ng Diyos ang bawat bahagi ng katawan ayon sa minabuti niya. Hindi maituturing na katawan, kung ito’y iisang bahagi lamang!

Ngunit ang totoo’y marami ang mga bahagi, ngunit iisang katawan lamang. Kaya’t hindi masasabi ng mata sa kamay, “Hindi kita kailangan,” ni ng ulo, sa mga paa, “Hindi ko kayo kailangan.” Sa katunayan, ang mga bahaging wari’y mahihina ang siya pang kailangang-kailangan. Ang mga bahagi ng katawan na inaakala nating hindi gaanong kapuri-puri ay pinag-uukulan ng higit na pag-aalaga. Ang mga bahaging hindi likas na maganda ay siya nating pinagaganda; hindi na ito kailangang gawin sa mga bahaging sadyang maganda. Nang isaayos ng Diyos ang ating katawan, binigyan niya ng higit na karangalan ang mga bahaging di gaanong marangal, upang hindi magkaroon ng inggitan; at sa halip, ang lahat ay magmalasakit. Kung nasasaktan ang isang bahagi, nasasaktan ang lahat; kung pinarangalan ang isang bahagi, nagagalak ang lahat.

Kayo ngang lahat ang iisang katawan ni Kristo at bawat isa’y bahagi nito. Naglagay ang Diyos sa Simbahan, una, ng mga apostol; ikalawa, ng mga propeta; at ikatlo, ng mga guro. Naglalagay rin siya ng mga gagawa ng mga kababalaghan, mga magpapagaling ng mga maysakit, mga tagatulong, mga tagapangasiwa, at mga magsasalita sa iba’t ibang wika. Hindi lahat ay apostol, propeta, o guro; hindi lahat ay binigyan ng kakayahang gumawa ng mga kababalaghan, magpagaling ng mga maysakit, magsalita sa iba’t ibang wika o magpaliwanag nito.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

Lu 4:18

B – Aleluya! Aleluya!

**Ikaw, Kristo ay sinugo
upang sa dukha’y magturo,
magpalaya sa bilanggo.
Aleluya! Aleluya!**

Mabuting Balita *Lu 1:1-4; 4:14-21*

Nahahati sa dalawang bahagi ang sipi ng Ebanghelyo ngayon. Ang una’y nagbibigay-diin sa mahalagang pangkaysayang pagsasaliksik ng Ebanghelistang; ang ikalawa’y naglalarawan naman kay Hesus sa kanyang mga gawain sa Nazaret pagkatapos ng panunukso sa kanya ng demonyo sa disyerto.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Kagalang-galang na Teofilo:

Marami na po ang nagsikap na sumulat tungkol sa mga bagay na naganap sa gitna namin. Ang kanilang sinulat ay ayon sa sinabi sa amin ng mga nakasaksi nito buhat sa pasimula at nangaral ng Salita. Matapos na ako’y makapagsuri nang buong-ingat tungkol sa lahat ng bagay na ito buhat pa sa pasimula, minabuti ko pong sumulat ng isang maayos na salaysay para sa inyo upang lubusan ninyong matiyak ang katotohanan ng mga bagay na itinuro sa inyo.

Noong panahong iyon, bumalik si Hesus sa Galilea, at sumasakanya ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kumalat sa palibot na lupain ang balita tungkol sa kanya. Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga; at dinakila siya ng lahat.

Umuwi si Hesus sa Nazaret na kanyang nilakhan. Gaya ng kanyang kinagawian, pumasok siya sa sinagoga nang Araw ng Pamamahinga. Tumindig siya upang bumasa; at ibinigay sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias. Binuksan niya ang aklat sa dakong kinasusulatan ng ganito: “Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita. Sinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya, at sa mga bulag na sila’y makakikita; upang bigyang-kaluwagan ang mga sinsiil, at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon.”

Nilulon niya ang kasulatan, at matapos isauli sa tagapaglingkod, siya’y naupo. Nakatitig sa kanya ang

lahat ng nasa sinagoga. At sinabi niya sa kanila: “Natupad ngayon ang bahaging ito ng Kasulatan samantalang nakikinig kayo.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Kaisang espirituwal ng lahat ng taong may mabuting kalooban, idulog natin sa Panginoon ang lahat ng ating pangangailangang malapit sa ating mga puso. Ang tugon natin ay:

B – Panginoon, Salita Mo’y aming lakas!

* Para sa Simbahang Katolika, na siyang natatanging mag-anak ng Diyos sa lupa: Nawa patuloy siyang manatiling Mabuting Balita sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng kanyang katapatan sa mga pangaral ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at lahat ng iba pang mga pinunong espirituwal: Nawa magbunga ng pangmatagalang tagumpay ang kanilang patuloy na

pagsisikap sa pagtatatag ng isang kabihasanan ng buhay, pagmamahal, at kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga katulong sa pagtataguyod ng Bibliya: Nawa matagumpay nilang mapatnubayan ang lahat ng Katoliko upang pahalagahan ang Salita ng Diyos at isabuhay ang mensahe nito sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga kasapi ng iba’t ibang Kristiyanong pananampalataya: Nawa malampasan ng kanilang pag-ibig sa Bibliya ang lahat ng pagkakahati-hati at manumbalik nawa ang pagkakaisang idinalangin ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga Kristiyanong mag-anak: Nawa sa kanilang malugod na pagtugon sa paanyaya ni Hesus na sila’y maging mga disipulo niya, sila’y maging tagapaghatid ng mabuting balita sa kani-kanilang kapaligiran. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: Habang nagsisimula ang *International Eucharistic Congress* sa Cebu, nawa ang mapaglit sa pag-aalay ni Hesus ay mag-udyok sa aming ialay din ang aming sarili para sa mga mahihirap. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P – Salamat po, Panginoon, sa kaloob Mong Banal na Kasulatan at sa pamamatnubay nito sa amin. Tulutan Mong mamuhay kaming alinsunod sa mensahe nito hanggang sa katapusan ng aming buhay. Ikaw na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

B – Amen!



P – Manalangin kayo. . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakambangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, tang-gapin mong malugod ang aming mga handog. Ngayong ang kabanalan ay iyong dulot, kami’y sumasamo sa iyo’t lumuluhog upang kaligtasa’y iyong ipagkaloob sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo III

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Sa iyong kagandahang-loob kami’y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya’t ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkailigaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo. . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama Namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailan man! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa Panginoon’y dumulog nang maliwanagang lubos at nang kanyang maitampok ang mukha natin at loob sa dulot n’yang pagkukupkop.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa aming pakikinaabang sa iyong kagandahang-loob na bumubuhay, lagi nawa naming maikarantal ang iyong pagpapalang sa ami’y ibinibigay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Patnubayan nawa kayo ng Salita ng Diyos sa landas ng tunay na Kristiyanong pamumuhay.

B– Amen!

P– Iligtas nawa kayo ng Panginoon sa lahat ng panganib at magtagumpay nawa kayo sa inyong mga gawain.

B– Amen!

P– Ladya Niya nawa kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong kalooban sa Kanyang pagmamahal.


B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!



Nais ba ninyong malaman ang mensahe ng Diyos para sa inyo ngayon?

Basahin ang “**Ang Salita ng Diyos**” na salin sa Filipino ni Cecilia G.

Valmonte ng “**THE WORD OF GOD**” ni **Fr. John Larrea, SDB** at namnamin ang yaman ng Banal na Kasulatan.

(May kasamang katesismo at mga pagbasang liturhiko para sa bawat Linggo o Kapistahan)

MABIBILI SA WORD & LIFE PUBLICATIONS



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molmog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan